



SULONG!

Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI
www.cardmri.com | Tomo 2 Bilang 5 | Agosto-Setyembre 2015

CARD Bank: 18 taong pagpapaunlad ng pamilyang Pilipino

ni Jeffrey Tandingan



Kinapanayam ni Jim Paredes ang mga haligi ng CARD Bank na sina Dr. Jaime Aristotle Alip, Gng. Dolores Torres, at Gng. Lorenza Bañez sa pagdiriwang ng ika-18 anibersaryo ng institusyon.

Ipinagdiwang ng CARD Bank, Inc., isang kasaping institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), ang ika-18 taong anibersaryo nito na may temang “18 years of fulfilling a bright and stable future for every family” sa SM City San Pablo noong Setyembre 1, 2015.

Dinaluhan ng 55 kauna-unahang kasapi ng CARD Bank, *executive members* at mga kawani ng CARD MRI ang nasabing pagdiriwang. Kinilala ng presidente ng CARD Bank na si Gng. Dolores Torres ang lahat ng tao sa likod ng malaking tagumpay ng institusyon lalo na ang mga kasapi nito. “Ang pagdiriwang na ito ay para sa lahat ng kasapi ng CARD Bank na nagtiwala sa institusyon na tulungan sila upang mapabuti ang kanilang antas ng pamumuhay,”

pagbabahagi ni Gng. Torres.

Kasabay nito, ipinagdiwang din ng CARD Bank sa buwan ng Setyembre ang “Savings Month”. Sa nasabing pagdiriwang, inanyayahan si Gng. Chuchi Fonacier, ang managing director for supervision and examination sub-sector III ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) upang himukin ang bawat isa na matutong mag-impok. Ibinahagi ni Gng. Fonacier ang kahalagahan at kagandahan

Sundan sa pahina 2

BSP pinuri ang CARD Bank sa pagtataguyod ng *financial inclusion system*

ni Raffy Antes

Ikinalugod ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang pagkakaroon nito ng isang mabuting relasyon at samahan sa CARD Bank, Inc. lalo na sa pagbuo ng mga polisiyang sumusuporta sa isinusulong nitong *financial inclusion* sa Pilipinas. Si Gng. Chuchi Fonacier, ang BSP Managing Director for Supervision and Examination Sub-Sector III ang kumatawan at naghatid ng mensahe ng BSP sa ginanap na anibersaryo ng CARD Bank noong Setyembre 1, 2015.

“Fulfilling a bright and stable future for every family: Making financial inclusion a reality” ang tema sa nasabing anibersaryo ng CARD Bank na naglalayong palawigin ang adbokasiya sa pagkakaroon ng kamalayan sa pag-iimpok.

Nagkaroon din ng pagkakataong makapagbahagi si Gng. Fonacier sa daan-daang katao na dumalo sa anibersaryo tungkol sa mga kagandahang naidudulot ng pag-iimpok sa bangko. “Mas mainam na ang pag-iimpok ay gawin sa bangko kaysa sa bahay,” sabi niya na may pagdaragdag na pinoprotektahan ng bangko ang pera mula sa pagnanakaw, mga kalamidad at mula sa mga peste o insekto.

Ibinahagi din ni Gng. Fonacier na ang pagkakaroon ng ATM ng isang bangko ay para magkaroon ng mabilis na *access* ang mga kliyente nito ano mang panahon. “Ang pag-iimpok sa bangko ang unang hakbang para makakamit ng marami pang serbisyong pinansiyal tulad ng

Sundan sa pahina 2

CARD Bank, pinakamahusay na CFI ng 2015

ni Jeffrey Tandingan

Kinilala ng Land Bank of the Philippines ang CARD Bank, Inc. bilang pinakamahusay na Accredited Client-Country Financial Institutions (CFIs). Ang pagdaraos ng Gawad CFI Awarding Ceremony ay isinagawa sa Centennial Hall, Manila Hotel noong ika-14 ng Agosto 2015.

Nagwagi ang CARD Bank ng unang karangalan sa kategorya ng Rural Bank sa national level at isang special award bilang best CFI Availer-Agri-Agra Loans. Ang CARD Bank ang

may pinakamataas na loan portfolio sa agri-agra batay sa naisumiteng *report* sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).

“Hindi kailanman titigil ang CARD Bank na tumulong sa mga taong nangangailangan upang maialis sila sa kahirapan,” pagbabahagi ni Dolores M. Torres, ang presidente at CEO ng CARD Bank.

“Patuloy na makikipag-ugnayan ang CARD Bank sa mga institusyong may parehong layunin tulad ng Land

Bank upang sugpuin ang kahirapan sa bansa,” dagdag ni Torres.

Ang CARD Bank ay isa sa mga *financial institutions* ng CARD MRI na tumutulong sa milyon-milyong Pilipino lalo’t higit sa mga komunidad na halos walang pumapasok na oportunidad.

Binigyang papuri ng presidente at CEO ng Land Bank na si Gilda E. Pico ang CARD Bank dahil sa natatanging misyon nitong tumulong sa mga mahihirap na komunidad.

Sundan sa pahina 3

Tacloban City at apat na munisipalidad sa Leyte, naabutan ng tulong medikal

ni Araceli Reas

Mahigit 1,300 residente ng mga bayan sa probinsya ng Leyte ang naabutan ng libreng serbisyo medikal, dental at optikal sa katatapos na Community Health Days (CHD) ng CARD Bank, Inc. at CARD, Inc.

Nakapagtala ng 385 residente mula sa Tacloban City, 264 sa Baybay, 256 sa Bato, 254 sa Alang-alang at 193 sa Carigara ang natulungan sa nasabing CHD. Tatlong doktor, limang dentista, isang optometrist, limang nars at mga volunteer na kawani ng CARD sa Leyte

Sundan sa pahina 2



Hawak-hawak nina Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang Founder at Managing Director ng CARD MRI at Dolores M. Torres, ang presidente at CEO ng CARD Bank ang dalawang tropeyo na iginawad ng Land Bank of the Philippines (LBP) bilang 2015 Outstanding CFI. Kasama sa larawan ay sina Gilda E. Pico, ang presidente at CEO ng Land Bank (nasa gitna nina Dr. Alip at Gng. Torres), at ibang executive committee members ng CARD MRI at opisyal ng Los Baños LBP Lending.

CARD Bank: 18 taong pagpapaunlad...

Mula sa pahina 1

ng pag-iimpok sa isang pinansyal na institusyon.

Samantala, dumalo rin si Entrep Champion Paulo Tibig kung saan ipinaunawa niya sa mga dumalo ng pagtitipon ang posibleng mangyari sa isang matagumpay na negosyante – ang pagkakaroon ng mas maayos na kalidad ng pamumuhay.

Nagsagawa rin ng isang negosyo forum mula sa ilang matatagumpay na kasaping microentrepreneur (ME) ng CARD MRI upang magbigay inspirasyon sa mga dumalo lalo’t higit sa mga kasapi ng institusyon. Sinundan ito ng isang product demo ng mga MEs at nagbigay ng libreng patikim sa mga nanood.

Inabangan din si Jim Paredes, isang kilalang kompositor at mang-aawit sa bansa, sa nasabing pagdiriwang. Kinapanayam ni Jim Paredes ang mga haligi ng CARD Bank na sina Dr. Jaime Aristole B. Alip, chair, Dolores Torres, president at Lorenza Bañez executive vice president ng CARD Bank upang lubos na maintindihan ang papel na ginagampanan ng institusyon sa pagsugpo ng kahirapan.

“Nais naming makita ang aming mga miyembro kasama ang kanilang pamilya na patuloy na napauunlad ang kani-kanilang sarili,” pagbabahagi ni Gng. Bañez. Habang si Dr. Alip naman ay naghahangad na makapagtayo ng isang museo na magpapakita na ang kahirapan ay isang parte na lamang ng kasaysayan at ang naging kontribusyon ng CARD MRI

upang sugpuin ang kahirapan. Pinuri ni G. Paredes ang institusyon dahil sa misyon nitong matulungan ang mahihirap na komunidad sa bansa.

Kasabay ng pagdiriwang ay inilabas ang libro tungkol sa 89K (Kababaihan) para kilalanin ang unang 89 na kababaihan na nagtiwala sa institusyon sa loob ng tatlong dekada simula nang NGO pa lamang ang CARD Bank. Naglalaman ito ng kuwento ng 89 na kababaihan na naging kasapi ng CARD Bank at kung paano nakatulong ang institusyon sa kanilang personal at pampinansyal na pamumuhay.

Upang makapagdagdag ng kasiyahan sa manonood, nagsagawa ang CARD Bank ng *raffle draws* kung saan ay namahagi sila ng *giveaways* tulad ng payong, *t-shirt*, *printer*, *LED television* at *cash*.

Ang CARD Bank bilang kasaping institusyon ng CARD MRI ay naglalayong magbigay serbisyo sa

mga nangangailangan sa pamamagitan ng pinansyal at mga programang makapagpapaunlad ng kanilang sarili, pamilya at maging sa kanilang komunidad. Sa ngayon, mayroong 61 sangay ang CARD Bank na tumutulong sa humigit-kumulang 1.5 milyong miyembro sa buong bansa.

Ang iba pang institusyon ng CARD MRI katulad ng CARD SME Bank, CARD Leasing and Finance Corporation, Mga Likha ni Inay, CARD MRI Information Technology, CARD MRI Insurance Agency, BotiCARD, Rizal Bank, CARD Pioneer Microinsurance Inc., at iba pang pribadong institusyon tulad ng CafeLandia, CNM Advertising Services, Expedite Solutions, Transfast-Worldwide Money Transfer, SM Store San Pablo, Red Ribbon-SM San Pablo Branch, at Open Space Technology ay nagtulong-tulong upang maisakatuparan ang pagsasagawa ng anibersaryo ng CARD Bank para sa mga kasapi nito.

BSP pinuri ang CARD Bank...

Mula sa pahina 1

loan, insurance at iba pa. Ang ating pera din na inimpok sa banko ay nakaseguro sa Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC).”

Saludo rin si Gng. Fonacier sa mga natatanging nagawa ng CARD Bank lalo na sa lawak ng naabot nito sa serbisyong pampinansiyal. Sa kasalukuyan, ang CARD Bank ay may 1.5 milyong kliyente sa buong Pilipinas na may loan outstanding na P46.6 bilyon at kabuuang P4.4 bilyon na savings.

Batay sa datos ng BSP National Baseline Survey on Financial Inclusion, apat lamang sa bawat sampung Pilipino na nasa legal na edad ang may kasalukuyang ipon. Sa nasabing bilang, 68% ay sa bahay lamang tinatago ang naipong pera at 65% sa kanila ang nagsabing wala silang sapat na pera para magbukas ng *account* sa banko.

Ayon kay Gng. Fonacier, sa tulong ng mga Microfinance Institutions, sila ay nakakakita ng positibong resulta

sa *micro-deposit accounts*. Tumaas ng 80% o dalawang milyong accounts ang naitala noong 2014 mula sa 1.1 milyon noong 2012. Ang kabuuang halaga naman ng mga *micro-deposit* ay lumago ng 70% hanggang sa P4 bilyon noong 2014 mula sa P2.3 bilyon noong 2012.

“Ang pag-iimpok sa bangko ay makakatulong sa atin upang tayo ay magkaroon ng malawak na kaalaman sa pamamahala ng ating pera. Gaano man ito kalaki o kaliit, kung walang pagdidisiplina ay talagang mahihirapan tayo na simulan ang gawaing ito,” ayon kay Gng. Fonacier habang hinihikayat ang mga tao na magdeposito sa bangko o sa kahit saang pormal na pinansiyal na institusyon.

Pinasalamatan din niya ang CARD bilang isang pinagkakatiwalaang *partner* pagdating sa financial inclusion.

Itinatag noong 1997, ang CARD Bank ay isang *microfinance-oriented rural bank* at isang miyembrong institusyon ng CARD MRI, isang grupo ng *social development organizations* na naglalayong sugpuin ang kahirapan sa Pilipinas.

Tacloban City at apat pa na munisipalidad...

Mula sa pahina 1



Maingat na isinagawa ni Dr. Rosario Geonzon ang pagbunot ng ngipin sa anak ng miyembro ng CARD sa Tacloban City.

ang nagtulong-tulong para maihatid sa mga residente ang serbisyong kanilang kailangan.

“Maupay an programa hine ha CARD kay nakakabulig gud, labi na ha kabutangan yana nga makuri it panahon. Nagpapasalamat kami nga usa kami han may-ada hine mga programa (Napakalaki ng naitutulong ng CARD sa aming mga miyembro lalo na sa panahon ngayon na sobrang hirap magkasakit. Nagpapasalamat kami at isa kami sa mga natulungan at naabutan ng ganitong serbisyo),” ibinahagi ni Gng. Lydia B. Ponce ng Brgy. Binotong, Alang-alang. Si Gng. Ponce, 46 na taong gulang, ay apat na taon nang miyembro ng CARD Bank.

Pinasalamatan din ni Gng.

Veronica Leutero, 68 taong gulang at anim na taon nang miyembro ng CARD Bank, ang pagkakaroon ng *discounted* na gamot sa CHD. “Nalilipay gud ako labi na nga dako it discount hit medisina tapos libre pa gud ang pagkonsulta ngan pagbunot. Damo nga salamat ha CARD (Sobra ang aking kasiyahan ngayon lalo na sa *discounted* na gamot at libreng konsultasyon. Maraming salamat CARD).”

Ang BotiCARD, Inc. ang siyang namahagi ng medisina sa mga benepisyaryo. Ang CARD, Inc., CARD Bank, Inc. at BotiCARD Inc. ay kabilang sa lupon ng CARD MRI, isang grupo ng *social development organizations* na naglalayong sugpuin ang kahirapan sa Pilipinas.



Masayang pumuwesto sina Managing Director Chuchi Fonacier at Manager Josephine Abdulrahmanm (pangalawa at pangatlo mula sa kanan) ng Banko Sentral ng Pilipinas (BSP) kasama ang management ng CARD MRI na sina (mula kaliwa hanggang kanan) Executive Vice President Lorenza Bañez ng CARD Bank, President and CEO Dolores Torres ng CARD Bank at Founder and Managing Director Dr. Jaime Aristotle Alip ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI).

CARD Laboratory, “Excellent” sa External Quality Assessment Scheme

ni Tria Torres

Sa resulta ng ika-7 National External Quality Assessment Scheme (NEQAS) sa Hematology noong Abril 2015, ang CARD Laboratory (CARD, Inc. Health Services) ay kinilala

bilang “Excellent” (napakahusay), ang pinakamataas na gradong ibinibigay ng National Reference Laboratories (NRLs) sa mga laboratoryong kalahok sa

Sundan sa pahina 3

CARD Bank, pinakamahasay...

Mula sa pahina 1

Ang Land Bank’s Outstanding CFI-clients Awarding ay isinasagawa taon-taon upang kilalanin at bigyang parangal ang mga CFIs na nagpakita ng kahusayan sa pagbibigay ng serbisyong pampinansyal sa mga payak na komunidad. Ang pagkilalang ito ay naglalayong mas mapaigting pa ang magandang ugnayan ng Land Bank sa mga kaanib nitong CFIs upang makapaghatid ng serbisyong pampinansyal sa mahihirap na komunidad.

Ang salaping napanalunan ng CARD Bank ay idaragdag sa calamity loan fund ng CARD MRI.

Ang Land Bank ay ang pinakamalaking institusyong nagpapahiram sa mga *countryside financial institutions* upang maihatid ito sa mga rural na lugar.

Dumalo sa nasabing pagpaparangal ang Rural Bankers Association of the Philippines, Chamber of Thrift Banks, mga namumuno sa mga SME at korporasyon, kinatawan mula sa iba pang ahensiya ng gobyerno at mga namumuno sa Land Bank.

CARD Laboratory, “Excellent” sa External...

Mula sa pahina 2

NEQAS. Ito ay nagpapakita na ang CARD Laboratory ay tunay na nagbibigay ng may kalidad na serbisyong pangkalusugan at ito ay mayroong mataas na pamantayan upang higit na mapaglingkuran nang wasto ang miyembro at mga kaanak nito.

Ang CARD Laboratory ay naghahatid ng serbisyo tulad ng CBC, platelet count, blood typing, urinalysis, fecalysis, Hepa B Screening, FBS, BUN, Creatinine, Blood Uric Acid, ALT/SGPT, AST/SGOT, Total Cholesterol, Triglycerides, HDL at LDL.

Ang papuring ito ay nagsisilbing

inspirasyon sa laboratory ng CARD na lalo pang pag-ibayuhin ang pagbibigay ng magandang serbisyong medikal sa mga kawani, miyembro, at mga kaanak nito. Dahil din dito, pinaplano ng CARD Laboratory na maging isang ganap na *fully automated secondary laboratory* upang lalong masiguro na patuloy na maihahatid ang may kalidad na serbisyo para sa lahat.

Ang CARD Laboratory ay nakikipag-ugnayan sa Microfinance and Health Protection (MaHP) Program ng CARD MRI sa tuwing magsasagawa ito ng Community Health Day (CHD) upang



"Happy ako sa bangko ko."

savings account

checking account

business loan

time deposit

housing loan

micro-finance

LIPA CITY
(043)756-1177

STA. ROSA CITY
(049)502-4786

DASMARINAS CITY
(046)416-0695

STO. TOMAS
(043)318-0357

CALAMBA CITY
(040)508-3544

TAGAYTAY CITY
(046)413-4641

CAVITE CITY
(046)431-2762

BALAYAN CITY
(043)211-6748

BATANGAS CITY
(043)702-1317



CARD SME BANK
A THRIFT BANK



A member of CARD MRI
61 Rizal Avenue
San Pablo City
Laguna
(049) 503.2671 to 72

makapaghatid ng kanilang serbisyo sa komunidad.

Isang mandato ng Department of Health (DOH) na ang lahat ng laboratoryong klinikal ay kailangang lumahok sa NEQAS na pinangangasiwaan ng itinalagang NRLs.

Ang NEQAS ay isinasagawa upang matiyak na ang mga pamamaraan ng laboratoryo ay ginagawa alinsunod sa mga pamantayang naaayon sa DOH. Ito rin ang nagsisiguro na ang mga resulta ng laboratoryo ay wasto at naaangkop sa bawat pagbasa ng resulta.

Republic of the Philippines
Department of Health

National Kidney and Transplant Institute

7th National External Quality Assessment Scheme in Hematology

(Sample A)

Institutions Name :	CENTER FOR AGRICULTURE AND RURAL DEVELOPMENT (CARD), INC.		
Manufacturer of Instrument :	Beckam Coulter	Model:	COULTER ACT DIFF
Statistics Group # :	3		
Participant's ID :	13-2857	Date Calculated:	24-Apr-15

UNIT	YOUR DATA	GROUP MEAN	N-NORMAL	N-TOTAL	GROUP SD	YOUR SDI	SDI POSITION	COMMENTS
WBC (x10 ³ /μL)	6.50	6.32	104	108	0.39	+0.47		Excellent
RBC (x10 ⁶ /μL)	3.450	3.384	103	108	0.14	+0.48		Excellent
HGB (g/L)	90.0	89.4	102	108	2.55	+0.25		Excellent
HCT (%)	26.10	25.91	103	108	0.94	+0.20		Excellent
MCV (fL)	75.65	76.65	103	108	2.77	-0.36		Excellent
MCH (pg)	26.09	26.37	101	108	1.03	-0.27		Excellent
MCHC (g/dL)	34.48	34.44	104	108	1.40	+0.03		Excellent
PLT (x10 ³ /μL)	307.0	312.6	104	108	28.64	-0.19		Excellent

Ang sertipikong iginawad ng Department of Health (DOH) sa CARD, Inc. Clinic noong nakaraang 7th National External Quality Assessment Scheme in Hematology.

Consul General Bernardita Catalla bumisita sa CARD-MRI Development Institute (CMDI)

ni Ning Lanao

“Natutuwa talaga ako sa ginagawa niyo sa CARD. Basta sa ikakaunlad ng ating mga OFWs, kasama niyo ako,” masayang sinabi ng Consul General nang bumisita siya sa CMDI noong Oktubre

29, 2015. Ayon sa kanya, hinihikayat rin niya ang kaniyang mga kapatid upang maipalam sa kanilang mga kabaranggay ang kahalagahan ng pag-iimpok at *insurance* sa bawat pamilya.

Isang patunay lamang ito ng pagpapahalaga at paniniwala niya at ng kaniyang mga kasama sa magandang layunin ng CARD para sa ating mga kababayan.

Upang suportahan ang mga Overseas Filipino Workers (OFWs) at ang kanilang pamilya, binuo ng CARD MRI ang CARD MRI OFW Foundation Hong Kong noong 2011. Ayon sa mga nakalap na datos, ang Hong Kong ang isa sa mga bansang may pinakamaraming OFWs. Kaya naman, dito unang itinatag ang nasabing *foundation*.

Sa pamamagitan ng programang ito, nalalaman ng CARD ang mga kinakaharap na problema ng ating mga kababayan sa paglabas nila ng bansa upang magtrabaho at gayundin ang epekto nito sa kanilang mga pamilya na naiwan sa Pilipinas.

Ang regular na pagbibigay ng Financial Literacy Course ang nagbigay kasagutan at naging daan upang mabuksan ang kaisipan ng ating mga kababayan na paghandaan ang kanilang kinabukasan habang sila ay nagtatrabaho pa sa ibang bansa. Sa pamamagitan ng pagdalo sa kursong ito, natutuhan ng OFWs ang mga oportunidad upang mabilis silang makabalik sa kanilang pamilya dito sa Pilipinas. Bukod sa kinitang pera at pag-asang dala-dala nila, isa ang kaalamang natutuhan nila sa kurso ang magiging sandata nila para sa isang mas maunlad pang buhay na naghihintay sa kanila sa Pilipinas.

Ang gawaing ito ay hindi lingid sa kaalaman ng ating konsulado sa Hong Kong. Nagbigay suporta ang kagalang-galang na Consul General Bernadita Catalla sa bawat *graduation ceremony*, kung saan nalaman niya ang iba pang mga programa at proyekto ng CARD MRI.

EDITORIAL

Kung May Isinuksok...

Ang Savings Day ay ipinagdiriwang ng CARD Bank tuwing unang araw ng Setyembre, ang araw din ng pagbubukas sa San Pablo City ng kaunaunahang *microfinance-oriented rural bank* sa Pilipinas noong 1997.

Ang taunang pagdiriwang ay mahalagang paalala ng kahalagahan ng pag-iimpok sa bangko kung saan ang deposito ay protektado at tumutubo lalo na kung madalang ang *withdrawal*. Mas malaki ang tubo kung *time* o *term deposit* depende sa tagal ng pananatili ng deposito sa bangko.

Ang CARD Bank ay may kabuuang halagang Php4,422,644,880 mula sa 1,549,265 kliyenteng mayroon at walang loan sa pagtatapos ng Agosto 2015. Ang mga aktibong miyembro ng CARD Bank ay kailangang magdeposito ng Php50 bawat linggo na karaniwang kinokolekta sa tinakdang araw ng pulong ng mga miyembro ng isang grupo o *center*.

Ang pangakong impok (*pledge savings*) ay malayang lakihan ayon sa naisin ng miyembro. Dahil sa disiplinaryang resulta ng *pledge savings*, napatunayan na maging ang mga mahihirap na miyembro ay kayang mag-impok. Higit na malalaki pa nga ang mga impok ng miyembro kung ihahambing sa maraming propesyonal.

Sa pamamagitan ng pagbili ng *stocks* mula sa kanilang deposito maraming miyembro ang naging may-ari ng CARD Bank. Nakalulungkot nga ang katotohanang marami sa mga nagtutulak ng pag-iimpok ay walang impok.

Ang pag-iimpok ay bahagi ng kulturang Pilipino at ang kahalagahan nito ay tampok sa kasabihang Tagalog na “Kung may isinuksok ay may madudukot.” May mga anyo ng sining tulad ng *painting*



na nagpapahayag o nagpapaalala ng pag-iimpok.

Hindi ba karaniwang nakikita natin ang isang tagpong naglalarawan ng isang batang Pilipinong gumagamit ng isang putol ng kawayan bilang alkansya? Ang tagpong ito ay matibay ding pahayag na ang paghubog ng ugaling pag-iimpok ay dapat simulan sa pagkabata. Ang katwirang ito ay isinasabuhay ng CARD Bank Maagap savings product para sa mga bata.

Sa mga matatandang nakakalimot ay hindi masama ang pangungulit ng mga *financial institutions* sa pamamagitan ng *financial literacy education* at *savings mobilization campaign* upang manumbalik ang disiplina ng pag-iimpok kahit walang mandato mula sa isang programang tulad ng *microfinance*. Mahalagang hakbangin

ang disiplinaryang pag-iimpok ay magsimula sa sarili at hindi sa udyok ng iba.

Ang impok ay dapat na nakaplano at tiyak ang halagang ilalaan mula sa kita sa trabaho o sa negosyo, hindi mula sa tira o barya ng mga gastusin. Ang balanse matapos bawasin ang laan sa impok ang dapat pagkasyahin para sa gastusin. “Kung maliit ang kumot ay matuto munang mamaluktot.”

Ang impok lalo na sa bangko ay isang bagay na isinuksok na madudukot sa sandali ng mahigpit na pangangailangan. Hindi natin kailangang mabagabag sa pagsapit ng mga krisis. Pangit ding naipapasa natin sa iba ang problemang kawalan ng perang panggastos sa oras ng kagipitan. Hindi pa huli ang pagsisimula o ang pagpapanumbalik ng ugaling pag-iimpok. Mag-impok, ngayon na!



SULONG!
Editorial Board

Dr. Enrique Navarro
Editor-in-Chief

Dr. Jaime Aristotle Alip
Editorial Adviser

Marilyn Manila
Cleofe Figuracion
Managing Editors

Cyrene Grace Lubigan
Associate Editor

Jeffrey Tandingan
Lynie Joy Ambatag
Raffy Antes
Araceli Reas
Joyce Caturas
Writers

Joselita Lanao
Lou Virtudez
Contributors

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kanyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na *website* ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala sa e-mail sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.



Rizal Bank, Inc.
A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI



Savings Products

You can save!

Pledge Savings
“Sa pagiging miyembro, kinabukasan mo ay sigurado!”

Kayang-Kaya Savings
“Para sa pang araw-araw na pangangailangan mo KAYANG-KAYA Savings ang tugon dito!”

Tiwala Savings
“Sa pag-iimpok huwag mag-alinlangan, ‘pagkat iyong perang inipon mailalaan sa inyong kinabukasan.”

Let's develop a habit of saving.

Mensahe mula sa Tagapagtatag at Punong Tagapamahala ng CARD MRI



Dr. Jaime Aristotle B. Alip

Bitbit ang aming pagnanais na makapaglingkod at mapabuti ang antas ng pamumuhay ng maraming pamilyang Pilipino, hindi kami sumuko sa anumang pagsubok na dumating upang maisakatuparan ang aming pangarap para sa ating mga kababayan na magkaroon ng maginhawang buhay.

Sa ika-18 taong anibersaryo ng CARD Bank, nais kong ipaalam sa inyo na ang tagumpay ng institusyon na ito ay dahil sa inyo... sa mga kawaning naging katuwang namin upang maabot ang mahihirap na komunidad at sa mga kasaping hindi tumitigil sa pagtitiwala na ang CARD Bank ay kabalikat nila upang mas mapabuti ang kalidad ng kanilang pamumuhay.

Nagsimula ang CARD Bank bilang isang Non-Government Organization (NGO) na naglalayong mapaunlad ang

mahihirap na komunidad. Dahil na rin sa hangaring magbigay sa kababaihan ang kontrol at pagmamay-ari ng isang bangko, minabuti naming kumuha ng lisensya mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) upang magpatakbo ng isang *microfinance-oriented rural bank* at ito ay agad namang natugunan ng BSP. Sa ngayon ay mayroon ng 110,261 kasaping *stockholders* ang CARD Bank.

Ang CARD Bank na isang kasaping institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ay mayroong 61 sangay sa iba't ibang panig ng bansa upang abutin ang maraming kapus-palad nating kababayan. Patuloy na naghahatid ang CARD Bank ng mga programang makatutulong upang makaahon ang marami sa pagkakalugmok sa kahirapan. Ito ay sa pamamagitan ng serbisyong pampinansyal at mga programang makatutulong sa

pagpapaunlad ng komunidad tulad ng pagtugon sa pangkalusugan, edukasyon, pangkabuhayan, at iba pang pangangailangan ng mga kasapi sa pakikipag-ugnayan sa mga ibang kasaping institusyon ng CARD MRI. Nakita namin na ang pagkakaroon ng maayos na kalusugan ng aming mga kasapi at pagkakaroon nila ng pormal na edukasyon maging ng kanilang anak ay isang nakapalaking hakbang upang maalis sila sa kahirapan.

Maraming salamat sa lahat ng taong nasa likod ng malaking tagumpay ng CARD Bank. Sa tulong ng iba pang kasaping institusyon ng CARD MRI, umasa kayo na patuloy kaming magpapalawig at maghahatid ng mga produkto at serbisyong makatutulong sa pagpapalago pa nang nasimulan nating pagbabago para sa maraming pamilyang Pilipino. Mananatiling matatag ang CARD Bank sa marami pang taong paparating.



Sulit Padala

Sulit sa bilis sulit sa tipid



Remittance rate na siguradong abot-kaya!

Amount	Rate	Halimbawa	
		Amount	Rate
P1,000 - 6,000	3%	P1,000	P30
P6,001 - 9,999	2.5%	P7,000	P175
P10,000 - 40,000	P250 fixed rate	P30,000	P250
P40,001 and above	1%	P50,001	P500

Siguradong makakarating sa tamang oras ang inyong padala sa kahit saang CARD Bank branch nationwide. Maaari ring tanggapin ang inyong remittance gamit ang Matapat ATM Account.



CARD Bank, Inc.

A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI

Matatag na Bukas sa Bawat Pamilya



CARD Bank, Inc.

A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI

Encouraging you TO SAVE Little by little, Day by day

KAYANG-KAYA Savings



Regular Savings with Pass Book



MATAPAT Savings Account



Savings Account with ATM Access



MAAGAP Savings Account

Savings Account for Kids

OTHER SAVINGS PRODUCTS:
TIWALA SAVINGS (Special Savings Deposit)
TAGUMPAY SAVINGS (Recurring Deposit)

Matatag na Bukas sa Bawat Pamilya
www.cardbankph.com



A proud member of

MEMBER: PDIC, Maximum deposit insured for each depositors P500,000.00

Kapag may dumaang “shooting star” anong iwi-wish mo?

ni Ning Lanao

Sa konsepto ng isang batang may murang kaisipan, isang simpleng tanong ang palaging gusto nating bigyan nila ng kasagutan: “Paglaki mo ano ang gusto mong maging?” Kadalasan ang kanilang sagot ay gusto kong maging doktor, guro, pulis, inhinyero, artista o sundalo.

Habang tayo ay lumalaki at nagkaka-isip mas nagiging konkreto ang ating kaisipan. Mula sa perspektibo ng mga matatanda, kadalasan ay mas detalyado at *materialistic* na ang mga pangarap na naririnig natin. Maging mayaman, mas malaking bahay, magkaroon ng magarang sasakyan, magkaroon ng isang maunlad na negosyo, o kaya naman ay makarating sa iba’t ibang bansa.

Ang mga tao ay hindi nauubusan ng pangarap. Mayroon nga tayong kasabihan na natural na sa mga tao nang walang kakuntentuhan.

May isang *talk show* akong napanood kung saan kinapanayam ang isang mayamang negosyante at kilalang pulitiko dito sa ating bansa. Ang tanong: “Sa estado niyo po ngayon na nasa inyo na lahat, mataas na pinag-aralan, may mataas na posisyon sa lipunan, magarang bahay, maayos na pamilya at kumikitang mga negosyo, may pinapangarap pa po ba kayo?”

Ang kanyang sagot, “Sa ngayon, ay gusto ko namang makatulong sa mga taong nangangailangan, sa mga mahihirap. Gusto kong makapagbigay ng trabaho sa ating mga kababayan, pabahay, pagkain sa kanilang lamesa, o kaya naman ay edukasyon sa ating kabataan.” Ito ang mga linyang palagi nating maririnig sa kanila. Ani nga ng isang

tagline, “Ako ang magiging katuwang niyo, ang magbibigay ng pag-asa sa inyo!”

Ang mga taong nagtatagumpay ay laging humahanap ng mga oportunidad para makatulong magtagumpay ang iba!

Nagsimula ang CARD sa PHP20, lumang typewriter, maliit na opisina, at iilang kawani. Nagsimula bilang isang NGO na tumutulong sa humigit-kumulang isang daang kababaihan sa Laguna at Quezon. Isang pinapangarap na bangko, isinilang at nabuksan ang kauna-unahang CARD Bank sa bayan ng San Pablo. Katuparan para sa kababaihang kasapi na umasa na uunlad ang kanilang kabuhayan sa tulong ng CARD. Dalawang institusyon na kalauna’y naging labing-apat, binuo lahat ito upang matugunan

ang pangangailangan ng bawat pamilya at mga pinapangarap ng bawat kasapi nito.

Sa bawat tagumpay, hindi tumitigil ang CARD MRI na mangarap. Hindi tumitigil kung ano pa ang maibibigay hindi lang sa mga kasapi nito kundi pati na rin sa buong pamilya at sa komunidad na ginagalawan nito.

Isang grupo ng mga batang paslit noon sa simpleng barangay na ito, ang naglalaro ay minsa’y aking natanong nang ganito: ‘pag may dumaan na shooting stars, ano ang iwi-wish mo?’

“Mga laruan po!”
“Makapag-aral po para makapag-trabaho sa Maynila!”
“Gusto ko pong maging teacher.”
“Telebisyon po, kasi nakikipanood

lang kami ng TV doon sa mga tiyahin ko!”
Mga sagot na alam nila na malayo pa sa katotohanan. Dahil kahit sa mura pa nilang isipan ay dama na nila ang kahirapan sa kanilang tahanan.

Nakatutuwang balikan na ang mga batang ito na noon ay minsan kong natanong ay nabigyan din ng pagkakataong makapag-aral sa CARD-MRI Development Institute (CMDI).

Ang mga batang ito na dahil sa kahirapan ay muntik nang nawalan ng karapatang makapag-aral at ng pagkakataong malinang ang talino at kakayahan. Ang mga batang ito ngayon ay nangangarap na magkaroon ng magandang kinabukasan. Kung tatanungin ko kaya sila ngayon, may natupad na ba sa mga wish nyo noon? Sigurado akong ang sagot nila ay Oo!



Ibinandera sa labas ng gusali ng CMDI ang isang tarpaulin bilang pansalubong sa lahat ng panauhin sa unang araw ng pagbubukas ng CMDI bilang isang ganap na kolehiyo (kaliwang larawan). Ilan sa mga estudyante ng CMDI sa taong 2016-2017 (kanang larawan).

Education Programs

Zero Dropout Program (Elementary Education Loan Program)

Nilalayon ng programang ito na matulungan ang mga pamilya na mapag-aral at siguraduhing mapagtapos ang kanilang mga anak sa elementarya.

- Pamantayan:**
- ✓ Dapat ay isang kasapi o nais maging kasapi ng CARD MRI.
 - ✓ May anak o kamag-anak na nasa elementarya pababa.
 - ✓ Makapasa sa pagsusuri ng AO at UM ang aplikasyon ng education loan.

- Loan Features:**
- ⇒ Makakahiram ng Php1,500.00 hanggang Php3,000.00.
 - ⇒ Php 1,000.00 pagtaas sa mga susunod na paghiram.
 - ⇒ Mababayaran ang hiniram hanggang sa isang taon.
 - ⇒ 1% interest rate per month diminishing.

UP Education Loan Project

Nilalayon ng proyektong ito na abutin ang mag-aaral na nasa kolehiyo upang masiguro na magkaroon ng makabuluhan at maayos na kinabukasan ang tinagurian nating mga “Iskolar ng Bayan.”

- Pamantayan:**
- ✓ Ang mag-aaral ay dapat anak o kamag-anak ng miyembro o magiging miyembro ng CARD MRI.

- Loan Features:**
- ⇒ Makakahiram ng Php1,500.00 hanggang Php10,000.00.
 - ⇒ Mababayaran ang hiniram sa 1, 3 o hanggang 6 na buwan.
 - ⇒ Maaaring bayaran ang hiniram ng weekly, semi-monthly, monthly o lumpsum.
 - ⇒ 1% interest rate per month diminishing.

UPang Education Loan Program

Nilalayon ng programang ito na matulungan ang mga estudyante ng University of Pangasinan (Phinma Education Network) sa kanilang pag-aaral at ang kanilang pamilya na maging maayos ang kanilang pamumuhay.

- Pamantayan:**
- ✓ Ang magulang o guardian ng aplikante ay dapat isang kasapi o nais maging isang kasapi ng CARD MRI.
 - ✓ Ang aplikante ay may endorsement mula sa Dean ng kanilang departamento.
 - ✓ Makapasa sa pagsusuri ng AO at UM ang aplikasyon ng education loan.

- Loan Features:**
- ⇒ Makakahiram ng hanggang Php10,000.00.
 - ⇒ Mababayaran ang hiniram na pera sa 1, 3 o hanggang 6 na buwan.
 - ⇒ Lingguhang pagbabayad.
 - ⇒ 18% interest rate per annum.

Educational Loan

Ang produktong ito ay dinisenyo para makapagbigay oportunidad sa mga anak o kamag-anak na nasa pangangalaga ng mga kasapi ng CARD MRI upang matulungan sila na makapagtapos ng pag-aaral.

CARD MRI Scholarship Program

Tumutulong ang CARD MRI sa pag-abot ninyo at ng inyong mga anak sa inyong mga pangarap sa pamamagitan ng scholarship program.

CSP1 / CSP Partnership / CaMIA Scholarship / CSP-IP

Pangunahing pamantayan:

- ✓ Ang nais maging iskolar ay dapat may magulang na tatlong taon ng kasapi ng CARD MRI.
- ✓ Ang magulang ng bata ay dapat may magandang record bilang isang kasapi ng CARD MRI sa nakalipas na tatlong taon.
- ✓ Ang nais maging iskolar ay dapat may 80% general average sa nakaraang school year o nakaraang grading period.
- ⇒ Ang mga iskolar ay makatatanggap ng allowance na ibinibigay tuwing Hunyo, Setyembre, Disyembre at Marso.
Full Scholar - Php3,000.00 | Half Scholar - Php1,500.00

Balik Eskwela si Nanay

Pangunahing pamantayan:

- ✓ Dapat ay tatlong taon ng kasapi ng CARD MRI.
- ✓ Dapat ay may magandang record bilang kasapi ng CARD MRI sa loob ng tatlong taon.
- ✓ Ang aplikante ay dapat kumpleto ang requirements upang makapag-aral sa high school o kolehiyo.
- ⇒ Ang mga college scholar ay bibigyan ng pangmatrikulang hindi hihigit sa Php8,000.00 kada semestre at may allowance na Php1,500.00 na ibinibigay tuwing Hunyo at Disyembre.
- ⇒ Ang mga high school scholar ay tatanggap ng allowance na Php3,000.00 at ito ay ibinibigay tuwing Hunyo.

OJT Program

Ihahanda namin ang inyong anak o kamag-anak sa pagsisimula nilang magtrabaho o magnegosyo. Ang programa ring ito ay nagbibigay kaalaman sa mga estudyante na anak o kamag-anak ng kasapi ng CARD MRI.

Kakailanganin:

- ✓ Dapat ay anak o kamag-anak ng kasapi o kawani ng CARD MRI.
- ✓ Ang aplikante ay dapat magsumite ng resume.



CARD MRI Executive Office
Community Development Group
Resource Mobilization / Partnership Unit

20 M.L. Quezon Street, City Subdivision, San Pablo City, Laguna, Philippines 4000
Tel. (63-49) 562-4309 Local 82-219 | E-mail: cardscholar@cardbankph.com

Paalala: Ang UPang Educational Loan Program ay para lamang sa mga mag-aaral na nasasakop ng Phinma Education Network. Gayundin, ang UP Educational Loan Project ay bukas sa lahat ng mag-aaral ng kampus ng Unibersidad ng Pilipinas.

CARD MRI
Katuwang ninyo sa pagtupad ng inyong pangarap!



Ang Tagak sa Ibabaw ng Kalabaw

ni Ike Navarro

Ang puting kulay ng tagak
At itim na balat ng kalabaw
Ay tila pinagtiyap.

Di pansin ng water buffalo
Ang tagak sa kaniyang likod
Na animo’y nasa trono.

Ang sarap sa pakiramdam
Ang panginginain ng tagak
Sa istorbong mga kulisap.

Parehong sa tubig ay masaya
Ang tagak at kalabaw
Ay di nailang sa isat-isa.

Kay gandang halimbawa
Ng tunay na pagkakaisa
Malaki man ang pagkakaiba.

Ang relasyon ng tagak at kalabaw
Ay mananatili at tatagal
Habang may mga tubigan.

Salaysay ng pasasalamat sa Matapat

(Clients Testimonials tungkol sa MATAPAT (ATM) Savings Account)



“Malaking tulong ang Matapat ATM account sa pamimili ng aking kailangan sa negosyo, at kapag kulang ang perang hawak ko para sa panghulog sa aking loan ay hindi na ako nagwi-withdraw sa Pledge Account.”

Concepcion Gutierrez
San Pablo Branch



“Sa pamamagitan ng palagiang pag-iipon hindi ko na kailangang ipangutang ang biglaang gastos sa aming pamilya. Tulad na lamang nang magkasakit ang aking asawa at may biglaang proyekto ang aking anak sa iskul, natugunan ko agad ang mga ito.”

Ma. Elizabeth Flores
San Pablo Branch



“Kahit paano ay pinipilit kong mag-ipon sa MATAPAT Savings Account at hindi ko ito pinapawalan ng laman. Ito ay aking nasabi dahil naranasan ko noon na magkasakit ang aking anak, buti na lang at may ipon ako sa ATM. Nakabili agad ako ng gamot!”

Nimfa Biglete
Dolores Branch



“Tungod sa Matapat Savings Account pwede nakong ma-withdraw sa akong savings maski dili nako muadto sa CARD Bank, diri nalang ko sa pinakaduol nga ATM sa among lugar.” (Nang dahil sa Matapat Savings Account pwede ko nang ma-withdraw ang aking savings kahit hindi na ako pumunta sa CARD Bank, dito na lang ako sa malapit na ATM sa aming lugar.

Apolonia Aparece
Tagbilaran Branch

Repleksyon

PAKIKISAMA AY MAHALAGA

ni Joyce Caturas

Sa mundong ito ay marami tayong nakikilala at nakakasama. Maaring sila ay ating mga kapamilya, mga mahal sa buhay, kaibigan at mga katrabaho. Silang lahat ay nakakadaupang-palad natin sa pang-araw-araw nating pamumuhay. Hangga’t maaari, sinisigurado natin na mananatili ang ating kaaya-ayang relasyon sa kanila.

Simula sa ating pagkabata ay kasama na natin ang ating pamilya. Sila ang higit na nakakakilala sa atin. Ngunit sa pagtagal ng panahon, ang isang indibidwal ay nagkakaroon na ng kanyang pansariling pananaw at perspektibo sa mga bagay. Minsan, ang ating mga desisyon at pangarap ay hindi sinasang-ayunan ng ating mga magulang, kapatid, o matatanda sa pamilya. Dahil nakalagay na sa kamalayan nating mga Pilipino ang pagpapahalaga sa ating pamilya, nagagawa nating magbigay at magsakripisyo upang maging masaya ang bawat isa. Ngunit ito ay hindi naman masama. Ang ating mga kamag-anak, lalo na ang ating mga magulang, ay hinahangad lamang kung ano ang mas nakakabuti sa atin.

Maliban sa ating mga kapamilya ay mayroon din tayong mga kaibigang nakikilala at nagkakaroon ng mahalagang parte sa ating buhay. Maaring sila ay nakilala natin sa komunidad, sa paaralan, o sa ibang lugar man. Sila ang kasama natin sa mga masasaya at maging sa malulungkot na bahagi ng ating buhay. Kasama rin natin sila sa pagbuo ng ating mga pangarap. Bagaman galing sa iba’t ibang pamilya, estado sa buhay, relihiyon o paniniwala, ang ating mga kaibigan ay nagiging halos kapamilya na rin. May mga pagkakataong dahil sa pagkakaiba ng hilig ay magkakaroon ng tampuhan at hindi pagkakasunduan, ngunit dahil pinapahalagahan natin ang mga kaibigan natin, nagagawa nating iwan ang ating pagkakaiba upang magkasundo.

Bukod sa ating mga kapamilya at kaibigan ay nakakakilala rin tayo ng isang ispesyal na taong ating mamahalin at aalagaan. May ibang nagsasabi na ang ma-in-love ay maituturing na isang himala upang ang dalawang magkaibang tao ay magkasundo at magsama. Kahit minsan ay may pagtatalo at di pagkakasundo, ginagawa

Sundan sa pahina 8

Ang gusto mong bahay ay hindi dapat hanggang pangarap na lang...



Bahay Katuparan Loan



CARD SME BANK
A THRIFT BANK



CARD SME BANK

A THRIFT BANK



A member of CARD MRI

61 Rizal Avenue
San Pablo City
Laguna
(049) 503.2671 to 72

PAKIKISAMA AY MAHALAGA
Mula sa pahina 7

natin ang lahat ng ating makakaya para lamang manatili ang ispesyal na taong ito sa ating buhay.

Bukod sa tatlong grupo ng tao na natalakay, malaking bahagi ng pang-araw-araw nating buhay ang nilalagak natin sa ating mga katrabaho. Kadalasan ay hindi natin mapipili kung sino ang ating magiging boss

o ka-opisina. Ngunit upang magawa natin ang ating trabaho ng maayos at bilang isang grupo, kailangan nating makisama sa kanila. Dahil kung tutuusin, kaya natin piniling makabilang sa grupong ito ay nais nating tulungan ang ating institusyon na makamit ang misyon nito. Imbes na pairalin ang pagkakaiba sa mga opinyon, ideya, at pamamaraan kung paano gawin ang mga bagay, mas mahalaga na dumating sa iisang desisyon ang isang opisina upang maging mas mabuting kumakatawan sa

ating institusyon.

Ang pakikisama ay isang salitang madaling bigkasin ngunit hindi madaling gawin. Lahat tayo ay ipinanganak sa iisang mundo ngunit lahat tayo ay magkakaiba. Kaniya-kaniyang pag-uugali, plano, at misyon sa mundong ito. Hindi mabubuhay ang isang tao kapag walang kasama sa buhay; sinasabi nga sa isang tanyag na Ingles na salawikain, "no man is an island." Tayo ay nabubuhay upang makisama at makibagay sa ating kapwa.

Experience the
JOY
to work
with people

Live the
PASSION
to help people
improve their lives

Have the
HEART
to serve
others

J O I N U S

and be part of our 9,000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of our 3.1 Million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower Filipinos towards nation building.

AVAILABLE POSITIONS

16 PHARMACY ASSISTANTS

Must be a CARD staff for at least two years, Officer position at CARD and a graduate of any 4-year course. The Pharmacy Assistant is responsible in dispensing medicine under the supervision of Pharmacist, checking and managing stock inventory, refilling and displaying of stocks, assisting pharmacist in organizing and implementing pharmacy activities.

44 INTERNAL AUDITORS

Must be a graduate of Bachelor of Science in Accountancy. The Internal Auditor is responsible for the audit of branches and other banking offices and is expected to provide assistance to branches in the implementation of Internal Control System.

GENERAL QUALIFICATIONS

- Male (single/married) or Female (must be single)
- 19-30 years old
- With pleasing personality and excellent in interpersonal skills
- With competent oral and written communication skills
- Computer literate
- Must be willing to be assigned in any area of CARD operations
- Not related to any CARD employees (except for CARD Scholars)

REQUIREMENTS

- Resume with recent 2x2 picture (white background)
- Application letter
- Photocopy of Transcript of Records

All interested applicants are invited to apply in any CARD offices near you!

For inquiries, contact
CARD MRI HRD Office at: (049) 562-4309